# 1

"Georgina, pumanhik ka nga dito," tawag ni Doña Barbara sa dalaga mula sa balcony ng bahay kung saan ito nakatayo at nakatingin sa kanya na parang tunay na reyna habang namamaypay ng abaniko.

Sa suot na mga alahas at damit-panlakad, sigurado siyang magdamag na naman itong maglalaro ng mahjong kasama ang mga kaibigan.

"Oho," sagot niya.

Nasa garden siya at nagwawalis ng bakuran. Katatapos lang ng bagyo kaya maraming dahon at sanga ang nalagas mula sa mga puno. Itinabi na muna niya ang hawak na dustpan at walis tingting. Pihong may iuutos sa kanya ang amo kaya mamaya na lang niya babalikan ang ginagawa.

Mabilis siyang pumanhik ng kabahayan. Nakasabay pa niya sa pag-akyat sa hagdanan si Mang Gustin, ang family driver ni Doña Barbara na kagaya niya ay matagal na ring naninilbihan dito.

"Tiyak, uumagahin na naman sa mahjong-an ang amo natin," sabi nito.

Tumango si Georgina. Naintindihan niya ang ibig sabihin nito. Kukunin nito ang maliit na traveling bag na inihanda ng doña sa kuwarto.

Banidosa ang amo nila, hindi ito umaalis ng bahay nang walang dalang pamalit na damit, pangkikay at kung anu-ano pa. Ayon dito, mabuti na raw iyong palaging handa.

Nadatnan niya ang amo na nakaupo na sa bakal na upuan doon din mismo sa balcony at naghihintay sa kanya. May sariling balcony ang kuwarto nito.

"Ano po iyon, Doña Barbara?" magalang na tanong niya.

"Halika, maupo ka dito sa harap ko." Itinapik nito ang abanikong hawak sa katapat na upuan. Tumalima siya. Iniurong pa niya nang kaunti ang upuan dahil nakadikit ito sa mesang nakapagitan sa kanila.

"Hindi ba tapos ka ng college?" tanong nito.

Tumango si Georgina. "Oho, kayo pa nga po ang nagpaaral sa akin." May degree siya sa Accountancy.

Dating katulong ang kanyang ina at naging driver naman ng pamilya ni Doña Barbara ang kanyang ama, pero matagal nang yumao ang mga

ito. Kinupkop na lang siya ng amo at pinatira sa bahay kapalit ng serbisyo niya.

“Ba’t nagpapaalila ka pa rin dito hanggang ngayon?” tanong nito. Sanay na siya sa pagiging taklesa ng doña kaya hindi na siya nainsulto. Pero kahit masakit itong magsalita ay mabait ito sa kanya.

“Eh...” Kinamot niya ang ulo. “Hindi po ako nakapasa sa board exam.”

“At bakit?” Pinandilatan siya nito. “Kailan ka ba kumuha at bakit hindi ko alam na kumuha ka na pala n’un?”

“Wala ho kasi kayo rito, nasa America kayo.” Noong nakaraang taon pa siya kumuha ng board exam. “Saka, hindi po kasi ako nakapag-review. Basta sinubukan ko lang kumuha ng exam at baka suwertehin ako. Ang mahal ho kasi ng tuition fee kapag nag-review ako. Nahiya naman po akong humingi sa inyo.”

Ang totoo ay nag-self-review ang dalaga kaso kahit ginawa niya iyon ay hindi rin siya pumasa. Paano kasi ay kulang naman ang mga reference books niya at wala siyang perang pambili ng mga iyon.

“Ang tanga mo!” Inambahan siya nito ng hawak

na abaniko.

Napaatras si Georgina sa takot hindi dahil sa abaniko kundi sa matabang braso nito. Tiyak, flat ang mukha niya kapag tinamaan siya niyon.

"Kung nagpaalam ka ba sa akin, eh, di sana nag-oopisina ka na ngayon," masungit na turan nito.

"Sorry ho. May susunod pa namang exam. Magre-review na ho ako kung gusto ninyo." Muli niyang kinamot ang ulo.

Humugot ng hininga si Doña Barbara. "Huwag na muna ngayon."

"Kayo ho." Gusto niyang mainis sa amo. Hindi naman pala siya nito papayagang mag-enroll para sa CPA review, sinermunan pa siya. Ano kaya kung pigain niya ang matabang leeg nito at nang lumabas ang mga mantikang tinatago nito roon?

"Wala kasi akong pera ngayon. Naubos nang magbakasyon ako sa States." May anak ito sa bansang iyon, si Maristela na isang dating bold star sa pinilakang tabing at kasing-edad niya.

Hindi ito gaanong sumikat kaya nag-asawa na lang ng foreigner. Kaso hindi naman mayaman ang napangasawa nito at sunud-sunod pa ang

pagbubuntis kaya nahihirapang makauwi sa Pilipinas.

"Okay lang ho. May ipag-uutos pa po ba kayo?" Tumayo na siya.

Wala nang balak si Georgina na pahabain pa ang usapan nila. Alam niyang nagmamadali na rin itong umalis at ayaw niyang makaistorbo pa rito. Masarap kasing manalo ang amo niya, palagi silang may balato ni Mang Gustin mula rito.

Biyuda na si Doña Barbara at walang hanapbuhay maliban sa pagma-mahjong. Dalawang beses itong nakapag-asawa pero parehong pumanaw na ang mga naging kabiyak.

Ang unang asawa nito ay ordinaryong empleyado lang sa *Meralco*. Ang pangalawang asawa nito ay milyonaryo, si Don Jacobo Quirino. Na-love at first sight yata ang matandang milyonaryo sa amo niya. Hindi pa kasi ito kasing-laki ng balyena dati.

Maganda si Doña Barbara kahit ngayong matanda na ito at malusog pa. Sa katunayan ay marami pa rin itong manliligaw hanggang ngayon. Pero tila yata ayaw na nitong mag-asawang muli.

Alam nitong mapuputol ang sustento nito galing sa trust fund ni Don Jacobo kapag muli itong nag-

asawa. Sunod pa naman ang layaw nito hanggang ngayon dahil malaki ang natatanggap nitong sustento.

Kung dati ay Aling Barang ang tawag dito ng mga kakilala, napalitan na ito ngayon ng Doña Barbara.

Lampas cuarenta na ito nang mapangasawa si Don Jacobo at ang huli naman ay cincuenta kaya siguro hindi na ito nabuntis. Pero may isang anak na lalaki ang don. Itinuring na rin ng biyuda bilang tunay na anak ang stepson na si Angelo.

Pero limang taon pa lang na nagsasama ang mag-asawa ay namatay na ang don. Nag-crash ang eroplanong sinasakyan nito nang magpunta ito ng Amerika dahil sa negosyo.

Kinuha ng kapatid ng don si Angelo mula sa pangangalaga ni Doña Barbara at iniuwi sa probinsya kung saan taga-roon ang pamilya Quirino. Ayon sa kuwento ng nanay niya, hindi raw nagkakasundo ang amo niya at ang hipag nito dahil wala raw tiwala ang babae sa hilatsa ng mukha ng doña.

Para sa pamilya ni Don Jacobo, si Doña Barbara ay isang gold digger at ginagatasan lang nito ang kapatid ng mga iyon.

Nang mamatay ang matandang lalaki, namana ni Doña Barbara ang malawak na lote na kinatitirikan ngayon ng bahay nito. Alam ni Georgina na hindi birong milyon ang halaga niyon kapag naisipan ng amo niya na ibenta ang namanang lupain dahil nasa loob mismo ito ng isang executive subdivision sa Alabang.

Pero ayon sa kuwento ng nanay niya, hindi raw puwedeng ipagbili ni Doña Barbara ang namanang lote dahil may pinirmahan silang kasulatan ng yumaong asawa nito. Ang kontrata ay nasa pag-iingat ngayon ni Angelo.

Kung saanmang lupalop napadpad ang lalaki ay wala na siyang alam. Pumanaw na ang nanay niya bago nito naikuwento ang kinaroroonan ng stepson ni Doña Barbara.

"Hindi pa naman kita pinapaalis, ah. Maupo ka nga," sita ng matanda sa kanya.

"Oho." Parang may magnet ang bakal na upuan dahil awtomatikong napaupo ulit siya.

Nasulyapan niya si Mang Gustin sa loob ng kuwarto na naghahanda na ng mga gamit ng doña, pero sa kanila ito nakatingin at napapangisi. Alam niya, siya ang pinagtatawanan nito dahil

napapagdiskitahan na naman siya ng amo nila.

“Hindi ko alam kung naalala mo pa si Angelo,” anito.

“Sino hong Angelo?” Meeting of the minds ba ang nangyayari sa kanilang dalawa ng amo niya? Bakit nabasa nito ang nasa utak niya?

“Iyong anak ni Jacobo,” maikling sagot nito. Parang tinatantya pa nito kung ipagpapatuloy ang sasabihin sa kanya o hindi.

“Iyong uhuging batang lalaki noon na palaging tumutulo ang sipon dahil may hika?” Limang taong gulang pa lang siya noon nang manilbihan ang mga magulang niya sa pamilya Quirino at hindi na niya gaanong natatandaan kung si Angelo nga ba iyon o hindi.

Basta ang tanging nadikit sa utak niya ay awang-awa siya rito. Bawal itong makipaglaro dahil madaling mapagod. Palagi itong nakatanaw sa kanila ni Maristela kapag naglalaro sila.

Now that she was twenty-three, he must probably be twenty-nine years old.

Napahalakhak si Doña Barbara sa sinabi niya. “Natatandaan mo pa ba iyon hanggang ngayon?”

Tumango si Georgina. “Iyon lang ho at wala nang iba. Nas’an na ho ba ngayon si Angelo?”

“Nasa probinsya. Doon na siya tumanda dahil kinuha siya ni Rosa na kapatid ni Jacobo nang mamatay ang asawa ko.”

“Ba’t hindi ko siya nakikitang dumalaw rito?” usisa niya. Siguro hindi na masamang magtanong. Tutal, nauna namang magkuwento ang doña sa kanya.

“Nakailang dalaw siya dito kasama ng hipag ko. Pero nang tumanda na, tinamad na yata kaya ayaw nang pumunta rito,” parang umiiwas na sagot nito.

“Ah.” Tumango na lang siya kahit hindi siya kumbinsido sa sinabi nito.

“Gusto ko nga sana siyang makita, kaso ang layo ng probinsya nila. Tinatamad rin akong pumunta roon.”

“Puwede rin ninyo naman siyang tawagan, Ma’am. Saang probinsya ba siya nakatira?”

“Sa Bicol. Hindi pa nga ako nakakarating doon. Kasi hindi man lang naisipan ni Jacobo na dalhin at ipasyal ako sa lugar nila nang nabubuhay pa ito,” may paghihinampong saad nito. Naintindihan niya

ang ibig nitong sabihin at hindi niya maiwasan ang maawa sa amo.

"Ang layo ho ng Bicol, Ma'am. At saka, kuta yata iyon ng mga taong kaliwa. Siguro nga ho, mas mabuting hindi kayo naisama doon ni Don Jacobo. Malay ninyo hindi safe ang lugar na iyon. Parang hanggang ngayon pa yata ay wala pang signal doon ang mga cellphones. May kuryente kaya doon? Nakakarating pa kaya doon ang kulog at kidlat?" alo niya sa matandang babae para hindi na sumama ang loob nito sa namatay na asawa.

"Iyon na nga ang dahilan kung bakit ayokong pumunta roon. Hindi ko kabisado ang lugar. May sabi-sabi pa naman na ang mga Bicolano na mahilig maglagay ng lason sa pagkain ng mga dayuhan. Siguro nga, ayaw lang ni Jacobo na mapahamak ako." Malungkot na ngumiti ito.

"'Susmaryosep!" Nanginig siya sa sinabi nito.

---

"Pero bakit ako?" Hindi makapaniwala ang dalaga sa sinabi ni Doña Barbara. Matapos siya nitong sindakin ng kuwento tungkol sa Bicol ay inuutusan siya nitong magpunta roon para hanapin si Angelo.

"Wala naman akong ibang mauutusan kundi ikaw."

"Sa lagay na iyan, hindi kayo nag-aalala sa akin?" Hindi niya natiis ang umangal.

Malay ba niya kung may mga cannibals sa Bicol. Gagawin pa siyang pulutan kung sakali.

"Balak ko kasing mag-migrate sa States para makasama ko si Maristela. Kaso wala akong sapat na pera para ma-approve ang visa ko bilang immigrant. Pero kung ipagbibili ko itong bahay at lote," anito na inilibot ang paningin sa buong kabahayan at sa malawak na bakuran, "may sapat akong puhunan para gawin iyon. At magagawa ko lang iyon kung makukuha ko ang titulo nitong lupa."

"Sino po ba ang may hawak ng titulo?" Kunwari ay wala siyang alam sa buhay nito.

"May pinirmahan kasi akong pre-nuptial agreement. Hindi ko puwedeng ibenta itong bahay at lupa. Sa tingin ko ay si Angelo ang nagtatago ng mga iyon." Parang nahihiya pa itong magtapat sa kanya. Kaso mukhang desperado na ito kaya napilitan na ring magkuwento.

"Siguro papayag naman ho siya kapag kinausap ninyo siya nang maayos," suhestyon ni Georgina.

Wala pa rin siyang balak dumayo sa liblib na lugar kahit basagin pa nito ng matabang braso ang mukha niya.

"Mahirap makipag-usap sa pamilya ni Jacobo. Wala nang ginawa ang mga iyon kundi ang hamakin ako." Bumalik ang pait sa tinig ng kausap.

"Baka pumayag na ang mga iyon ngayon," giit niyang naaawa na rito.

Pero umiling ito. "Imposible." May dinukot na puting envelope mula sa bulsa ng damit ang doña at ibinigay sa kanya.

"Ano ho ito?" Nagtatakang inabot ni Georgina ang sobre.

"Buksan mo."

Kaagad niyang sinunod ang utos nito. Nagulat pa siya sa laman noon. Tseke na nagkakahalaga ng beinte cinco mil.

"Sa iyo na iyan. Puwede mong i-encash ang tseke kahit ngayong araw na ito mismo," sagot nito sa pagkagulat niya.

"Akin?" parang tangang ulit niya. Hindi niya malaman kung ano ang mararamdaman. Ngayon lang siya nakahawak ng ganoon kalaking pera.

Tumango ang biyuda. “Dodoblehin ko pa iyan oras na magawa mo ang ipapagawa ko.”

Sunud-sunod na paglunok ang ginawa ni Georgina. Muli itong dumukot sa bulsa at ibinigay sa kanya ang kapirasong papel.

Binasa niya ang nakasulat doon.

*Angelo Manuel Quirino*

*Bogna, Bacon, Sorsogon.*

“A-ano’ng gagawin ko doon?”

“Manmanan mo siya. Alamin mo kung saan niya itinago ang dokumentong pinirmahan ko at pagkatapos ay dalhin mo sa akin pati ang titulo nitong lupa.”

“Ho! Nanakawin ko, ganoon?” Napahumindig ang dalaga.

“Gagawin kong one hundred thousand ang pabuya sa iyo, pangako. Gawin mo lang ang bagay na pinapagawa ko sa iyo.”

“P-pero—”

"Kalahating milyon, okay na ba sa iyo?" walang gatol na alok nito.

"K-kailan ho ako luluwas?"

# 2

Si Mang Gustin mismo ang naghatid sa kanya sa terminal ng bus. Ito rin ang bumili ng ticket niya. Alas seis ng gabi ang alis ng air-con bus na sasakyan niya patungong Bicol.

Habang nasa biyahe ay nasa malalim na pag-iisip si Georgina. Natatakot siya sa gagawin niya pero huli na para magbago pa siya ng isip.

Nakipagkasundo na siya kay Doña Barbara, tinanggap na niya ang paunang bayad nitong beinte cinco mil at nanghihinayang din siya sa kung ibabalik niya ang pera.

Nanghihinayang din siya sa matatanggap pang reward na five hundred thousand pesos sa oras na matupad niya ang ipinapagawa nito.

Hindi siya masamang tao. Hindi niya ugali ang magnakaw. Maraming antigong alahas ang doña na basta na lang nito ikinakalat sa loob ng kuwarto, pero ni minsan ay hindi siya natuksong kunin ang mga iyon.

Pero hindi siya ipokrita. Malaking pera ang matatanggap niya kung saka-sakali. Sobra-sobra

na iyon para makapagbagong buhay siya. Puwede niyang gamitin ang pera sa naisip na negosyo, ang ukay-ukay.

And besides, base sa kuwento ng nanay niya at ni Doña Barbara mismo, lumabas na kinawawa ang huli ng pamilya Quirino. Hindi niya maiwasan ang mainis nang kaunti sa napangasawa nito.

Malinaw na matapobre ang mga iyon at naaawa siya sa naging kalagayan ng amo.

Georgina could imagine what her employer had gone through long time ago samantalang naging mabuting asawa at madrasta naman ito. Kung may kasalanan man ito, iyon ay ang pagiging mahirap lang nito.

At ang pagpayag nitong pumirma ng pre-nuptial agreement ay isang bagay na makakapagpatunay na busilak ang pagmamahal na iniukol nito sa napangasawang mayaman. Dapat noon pa iyon na-realize ng pamilya ni Don Jacobo bago ito pumanaw.

Kung tutuusin ay may karapatan talaga ang biyuda sa bahay at lupang iyon. May natatanggap nga itong sustento mula sa pamilya Quirino at may kasunduan ang dalawang partido, pero hindi puwedeng ipagkait iyon kay Doña Barbara.

Conjugal property iyon dahil binili iyon ng matandang Jacobo matapos itong magpakasal sa babae.

Dahil siguro sa matinding pagmamahal sa don kaya hindi ito na-realize ng amo niya. Pero ngayon ay nakapag-isip-isip na rin marahil ito kaya gusto nitong makuha ang titulo ng lupa.

Napabuntong-hininga si Georgina. Hindi siya dapat nakikialam sa problema ng amo niya. Pero malaki rin ang utang-na-loob niya rito. Doce años lang siya nang mamatay ang nanay niya at ito na ang tumayong guardian niya hanggang ngayon.

Siguro panahon na para ibalik niya rito ang kabutihan nito.

---

Sa wakas ay nakarating na si Georgina sa dapat niyang puntahan. Hindi nga nagsinungaling ang driver ng jeep na sinakyan niya papunta ng Bogna nang sabihin sa kanyang dalawang kilometro ang lalakarin niya patungo sa lugar ng mga Quirino.

Mula sa tapat ng eskuwelahan kung saan siya nito ibinaba at nakapagtanong sa mga taong nag-uumpukan doon, pumasok siya sa isang daang hindi sementado pero aspaltado naman.

Pribado ang dalawang kilometrong daan na tinatahak niya, pero halatang name-maintain ang kalsada dahil malinis ito at walang lubak. Hindi nga lang ito sementadong kagaya sa highway, pero may mga streetlights na inilagay si Angelo kada ilang metro.

Mukhang kahit yata maglakad ng gabi rito ay hindi delikado.

Gayunpaman, palinga-linga pa rin si Georgina habang naglalakad. Medyo kinakabahan siya. Wala kasi siyang kasabay o kasalubong man lang. At kasing-tangkad pa niya ang mga talahib na nasa gilid ng daan. Nagtataasan din ang malalaking punong-kahoy roon.

"Wala kayang kapre dito?" anas niya sa sarili.

Panay ang linga niya habang naglalakad sa takot na baka may malignong bigla na lang kumalabit sa balikat niya.

At paano kung may ahas na biglang tumawid, maapakan niya at tukain siya nito? Sino ang sasaklolo sa kanya? O kaya rapist? Mukhang kahit na magsisisigaw siya ay walang makakarinig sa kanya.

Minabuti niyang bilisan ang paglakad.

Mag-a-alas-diez na ng umaga. Kaninang madaling-araw pa huling nagkalaman ang sikmura niya nang mag-stopover ang bus sa Naga City. Kape lang ang ininom niya dahil nilalamig na siya.

Siguro naman ay papakainin din siya ng kamag-anak ni Angelo kahit papaano.

Hingal-kalabaw na si Georgina nang marating ang destinasyon niya. Parang dead-end na yata ang napuntahan niya dahil sa dulo ng daan ay may mala-higanteng gate na yari sa bakal.

Puti ang kulay niyon at bagong pintura. Hindi ito naka-lock kaya kusa na siyang pumasok. Kaagad niyang napansin ang malawak na lawn sa harapan. Mas malawak pa ito kaysa sa bahay ni Doña Barbara sa Alabang.

Sa gitna ng bakuran ay nakatayo ang bahay. Malaki rin iyon, old house ang dating niyon sa kanya. Panahon yata ng Kastila noong ipinatayo ang bahay na tinatanaw niya dahil sa design niyon ay katulad ng isang Spanish house.

Nagpalinga-linga ang dalaga pero wala siyang taong makita kahit isa man lang. May nakita siyang lumang *Mercedes-Benz* na nakaparada sa tapat mismo ng bahay.

"Wala bang magnanakaw rito?" tanong niya sa sarili.

Nakakapanghinayang kasing mawala ang mamahaling sasakyan na nakatiwangwang lang sa labas. Antique pa mandin ang hitsura niyon.

Ipinasya niyang tunguhin ang bahay mismo. Buo na ang plano niya kung paano haharapin si Angelo. Mag-a-apply siya bilang sekretarya nito. Siyempre mayaman at masyadong abala sa trabaho, kailangan nito niyon.

Marunong siyang mag-type, mag-computer at alam din niya kung paano gamitin ang fax machine kaya hindi siya mahihirapan sa posisyong gaganapan.

Kakatok na sana si Georgina nang mapansin niyang may doorbell pala sa tabi ng malaking pinto.

"So may kuryente pala dito," usal niya. Hindi na siya mahihirapang kontakin si Doña Barbara.

Nilapitan niya ang doorbell at matapos humugot ng malalim na hininga ay dalawang beses niyang pinindot iyon. Ilang saglit lang ay bumukas na ang pinto.

Isang matabang babae ang iniluwa nito. Kasing-laki ito ni Doña Barbara. Ang kaibahan lang ay wala

itong makeup at suot na alahas. Wala rin siyang napansing abaniko na hawak nito.

Nakatsinelas ito ng abaca, nakasuot ng maluwag at namumulaklak na duster pero halatang bagung-bago. Pulang-pula ang damit nito kagaya ng mga mata nitong nagliliyab!

Napaatras siya sa pagkabigla.

---

"Ba't ngayon ka lang? Kanina pa ako naghihintay sa iyo! Ngayon pa lang, ang bagal-bagal mo nang kumilos! Siguro kung saan-saan ka muna nakipagtsismisan bago mo naisipang magpunta rito, ano! Ngayon pa lang mukhang hindi ka na maasahan!" bulyaw ng matabang babae sa kanya.

Dumagundong ang boses nito sa buong bakuran. Kulang na lang yata ay umusok ang bumbunan nito at bumuga ng apoy ang bunganga sa galit.

Sa sobrang kalituhan ay hindi nakapagsalita si Georgina. Napanganga siya habang titig na titig dito.

"Aba, at may gana ka pang tumunganga riyan!" Hinila nito ang kamay niya papasok ng bahay. Kamuntik pa siyang madapa dahil hindi niya

inaasahan ang gagawin nito.

“Wala ka bang pangalan? Buwisit talagang Lucia na iyan, walang utang-na-loob! Kung di ko pa kulitin na ipadala ka rito ngayon ay hindi pa makaalala! Kahapon pa ako hintay nang hintay sa iyo, akala mo! Makikita sa akin ng babaeng iyan! Mabait lang sa akin kapag mangungutang!”

“Eh…” Napalunok si Georgina nang ilang beses kaya hindi niya naituloy ang sasabihin. At dala marahil sa sobrang takot, nagtago na rin yata ang kanyang dila sa likod ng ngala-ngala niya.

“Ba’t hindi ka sumasagot riyan, ha? Wala kang pangalan, ano?” Pinandilatan siya nito. Nanginig ang mga tuhod niya sa ginawa nito. Sa takot ay lalong umurong ang dila niya.

Tinitigan siya nito nang mariin. Halos magkandaduling ito sa kanya. “Huwag mong sasabihin sa akin na pipi ka? Malilintikan na talaga si Lucia sa akin! Paano ka pakikinabangan rito kung hindi ka nakakapagsalita?”

“Huh?” *Talk, Georgina, talk!* “Uh-huh.”

Nanggigil lalo ang matabang babae. “Talagang walang pakinabang ang bruhang Lucia na iyan! At pipi nga ang pinadala rito! Paano kayo

magkakaintindihan ni Angelo niyan? Makikita sa akin ng babaeng iyan. Pipilipitin ko ang leeg niya!”

Sinuntok nito ang palad ng isang kamao. Georgina literally saw smoke came out from her palm.

Gusto na yata niyang mahimatay sa takot. Or more precisely, pinigilan na niya ang paghinga niya at pinilit niyang mahimatay. O mamatay… frantically, desperately.

Tila maiihi siya sa panty sa panginginig. Lihim na tinawag niya ang lahat ng santo at santang kilala niya at nakiusap na iligtas siya sa bakulaw na kaharap.

Bumuntong-hininga ang bakulaw na kinatatakutan niya. Halatang pinipilit nitong magpakahinahon kahit na wala yata itong gustong gawin nang oras na iyon kundi ang patayin ang babaeng may pangalang Lucia.

At tingin niya, kahit yata siya ay gusto rin nitong sakalin.

“Bueno, ’andito ka na lang naman, hindi na kita puwedeng paalisin pa. Gahol na ako sa oras. Alas doce ang biyahe ko papuntang Maynila. Hindi ko alam kung kailan ako babalik. Hindi naman pihikan

na amo si Angelo kaya wala kang problema. Basta siguraduhin mo lang na palaging malinis ang bahay, may pagkain sa mesa at may maisusuot siyang damit araw-araw. Magaan lang ang trabaho mo dahil siya lang mag-isa ang naririto. Pumunta na ng America ang tiyahin niyang nag-aruga sa kanya."

"Ha!" Nalintikan na at gagawin pala siyang alila nito!

Akala pa naman niya ay nakapagpahinga siya kay Doña Barbara. Iyon pala, katulong pa rin ang kababagsakan niya. Lumipat lang siya ng lugar at nagpalit ng amo!

"Heto." Dumukot ito ng ballpen at papel sa bulsa ng duster. "Isulat mo dito ang pangalan mo, bilis. Pipi ka na nga, ang kupad-kupad mo pang kumilos!"

Nanginginig ang mga kamay na kaagad siyang tumalima. Ibinigay niya ang papel at ballpen sa matabang babae matapos makapagsulat.

"Georgina." Binasa nito ang nasa papel. "Parang traydor sa pelikula ang pangalan mo, 'Ne," usal nito.

Sinipat ulit siya nito na parang nagdadalawang-isip kung dapat bang ipagkatiwala sa kanya si Angelo at ang bahay o hindi.

Alam niyang nangatal ang mga labi niya nang ngitian ito.

Muli nitong ibinigay ang papel at ballpen sa kanya. "Baka kailanganin mo ito kapag inuutusan ka ni Angelo. Malilimutin na kasi ako kaya palagi akong may dala niyan.

"Ako nga pala si Matilda. Sabihin mo na lang kay Angelo na nakaalis na ako. Wala pa siya, nasa bukid at namamahala ng pag-aani ng mga pili. Mamaya pa iyon darating. Alagaan mong mabuti ang alaga ko, kung di pati ikaw ay malilintikan sa akin!"

Sunud-sunod na tango ang ibinigay ng dalaga sa bakulaw. Hindi pa rin niya maapuhap ang dila sa panginginig sa takot.

---

Hindi malaman ni Georgina kung ano ang gagawin sa loob ng bahay. Tatlong oras na mula nang layasan siya ni Aling Matilda at tatlong oras na rin niyang nalibot nang paulit-ulit ang buong kabahayan pero hindi pa rin niya nakikita si Angelo.

Sanay siya sa marangyang lugar ni Doña Barbara, pero nalula siya sa sobrang ganda ng bahay ni Angelo. Hindi siya pamilyar sa mga uri ng kahoy, pero tiyak niyang ang mga muebles sa loob

ng buong bahay ay yari sa narra.

Pati wall panels na nangingintab sa kapal ng varnish ay nakakasiguro siyang narra rin.

Mayroong antique chandelier na nakakabit sa kisame sa tapat ng mahabang dining table. Mga mamahalin at imported na crystals ang nakita niya sa loob ng china cabinet.

Mayroon ding grand piano na obviously ay hindi na ginagamit dahil may mga nakapatong na picture frames doon. Hindi niya kilala ang mga nasa larawan kaya hindi niya pinansin ang mga iyon.

May mga nakita siyang modernong kagamitan kagaya ng twenty-one inches flat TV set, DVD player at may component pa. Lahat ay state-of-the-art.

The owner of the house definitely spoke of old money. Sigurado siyang kapag nakapunta rito si Doña Barbara ay maiinggit ito sa magaganda at mamahaling kagamitang makikita nito.

Kasunod na tinungo niya ay ang likuran ng bahay. Nagulat siya nang matantong napakaluwang pala ng bakuran nito roon.

Naglakad siya patungo sa labas ng bahay nang mapansin niya ang malaking swimming pool. May

ilang lounging chair na nakapalibot doon. Halatang madalas itong gamitin dahil may mga nakakabit na payong sa mga uluhan ng lounging chair. Mayroon ding mini-bar sa isang sulok.

Napangiti si Georgina, walang swimming pool sa bahay ni Doña Barbara. Payagan kaya siya ni Angelo na gamitin iyon?

Hindi siya marunong lumangoy pero puwede niyang ilublob lang ang paa roon. Nilapitan niya ito at inilublob nga ang paa sa tubig. Malamig iyon.

Ano kaya kung mag-swimming muna siya? Tutal wala pa naman si Angelo.

Mabilis siyang pumasok ng bahay. Magpapalit siya ng damit at sasamantalahin niya ang pagkakataon habang wala ang may-ari ng bahay.

Tamang-tama pagpasok niya ay tumunog ang doorbell.

"Si Angelo na iyon!" Bigla siyang kinabahan.

Paano nga pala niya ito haharapin? Nawili siya sa kalilibot sa bahay nito kaya nakalimutan niyang mag-isip ng gagawin sakaling makaharap ito.

"Ah, bahala na," usal niya sa sarili habang nagmamadali na tinungo ang pinto.

# 3

"Hi, George," bati ng isang lalaki nang buksan niya ang pinto.

Napatda si Georgina sa kinatatayuan. Bakit alam nito ang pangalan niya? Ito na ba si Angelo? Bakit ibang-iba na sa Angelo na naalala niya? Bakit wala nang tumutulong sipon sa ilong nito? Saka, bakit ang tangos na rin ng ilong nito?

Wala na kaya itong hika? Sinulyapan niya ang malalapad nitong balikat. Hindi na kapantay ng tainga.

Lumipad ang paningin niya sa kabuuan nito. Angelo had grown tall, kulang-kulang yatang maging six footer ito. Nakasuot ito ng itim na long-sleeved camisa de chino at may hawak itong buri na sombrero sa kamay.

Kupas na maong at lumang rubber shoes ang suot nito. Kulang na lang yata rito ay kalabaw at karitela, puwede na itong mag-pose sa mga paintings ni Amorsolo.

Muli niyang binalikan ang mukha ng binata. She could see that he was smiling at her. She looked

at his lips. They looked nice, lips she could trust. Lips that were not threatening in the least.

Na-conscious si Georgina nang mapagtantong nakatitig siya sa mga labi nito. Inilipat niya ang paningin sa mas ligtas na lugar, sa buhok nito. Medyo kulot ang buhok nito na hanggang batok ang haba. Pero makapal iyon kagaya ng mga kilay nito.

And his eyes, they were smiling, too. Ang haba ng pilikmata! Mabait, iyon kaagad ang rumehistro sa utak niya.

Wala siyang nalanghap na cologne mula rito. Ang totoo ay amoy-araw ito. Pero hindi niya napansin iyon dahil para sa kanya, ang soulful nitong mga mata, inosenteng ngiti at natural na amoy ay nakadagdag sa appeal nito.

Parang ang sarap yakapin at—

"Or should I call you 'Georgina?'" Inilahad nito ang kamay sa harapan niya. "By the way, I'm Angelo."

Nag-aatubiling hinawakan niya ito para makipag-handshake. Nagulat pa siya nang magdikit ang mga palad nila. Hindi malambot ang palad nito. Lahat yata ng daliri nito ay may kalyo at magaspang. Parang kamay ng isang hamak na magsasaka lamang at hindi haciendero.

Nevertheless, his fingers were warm and strong against hers. Hinayaan niyang hawakan nito ang kamay niya habang titig na titig siya rito. Alam niya, nagmistula siyang tanga sa harapan nito, pero ano ang magagawa niya?

She was simply mesmerized by him.

She tried to give him a polite smile but feared she was gawking openly at him.

Napangisi itong lalo sa ginawa niya. Magsasalita sana siya pero naunahan siya ni Angelo.

"Too bad, you can't speak. I have no one to talk to. Mami-miss ko tuloy ang ingay ni Aling Matilda."

Napanganga siya. Paano nito nalaman na 'pipi' siya?

"Can I?"

Lalo siyang napanganga sa katanungan nitong hindi niya maintindihan.

"Can I have my hand back now?" Ininguso nito ang kamay niyang mahigpit pa ring nakakawak sa kamay nito.

"Oh!" Napaigtad si Georgina, sabay bawi ng kamay. Hindi niya namalayang hawak-hawak pa rin

pala niya iyon kanina pa.

"Thanks," nakangising usal nito. May dinukot mula sa bulsa si Angelo at pagkatapos ay ipinakita sa kanya. Cellphone iyon at bagong modelo.

"Tinawagan ako ni Aling Matilda bago umalis. Pero ngayon lang ako nakaalis sa farm sa dami ng trabaho. I hope I didn't keep you long."

"Ah… eh…" Kung ganito kaguwapo at kabait lahat ng amo sa mundo, tiyak na magiging kawawa lahat ng katulong. Uuwing luhaan dahil hindi mapipigilan ang sariling ma-in love dito.

Pero lihim na nainis si Georgina sa katiwala nito. Akala ba niya ay siya na lang ang magsasabing umalis na ang babae? Nawalan tuloy siya ng chance na magpaliwanag.

Naku! Kung hindi lang nangarag ang kaluluwa niya sa bakulaw na iyon, talagang papatulan niya iyon!

Pero bakit all of a sudden ay parang type niyang maging 'pipi?' Parang naiibang experience ang mararanasan niya ngayon, ah! Puwede niya sigurong subukan nang malaman niya kung papasa ang acting niya.

Lihim siyang napangiti. *Okay, Mr. Quirino, let's play a game!*

---

Dinala ni Georgina ang kamay sa tapat ng bibig at tinanong nang pasenyas ang binata kung kumain na ito.

Sa ginawa niya ay muli itong napangisi. Hinimas nito ang tiyan. "Hindi pa nga. Ano ba'ng ulam?"

She shrugged her shoulders. Hindi niya alam kung ano ang niluto ni Aling Matilda. Nahihiya siyang mamungkal sa kusina kahit nagugutom na rin.

"Oh, that means you haven't eaten yet. Come, sabayan mo ako," aya nito. Tuluy-tuloy ito sa kusina at naupo sa isang makeshift table doon."Nasabi na ba sa iyo ni Aling Matilda kung ano ang mga gagawin mo rito sa bahay?" tanong nito.

Tumango siya. Umakto siyang magwawalis, magluluto at pati ang paglalaba.

Napangisi ulit si Angelo sa ginawa niya. "Siguro nasindak ka sa boses niya, ano?"

Umakto siyang parang hinimatay.

Napahalakhak na ito nang tuluyan. "Huwag mong papansinin iyon. Ganoon lang si Aling Matilda pero very loving na tao iyon."

Kaagad niyang ipinaghain ang binatang nakaupo. Masyado raw malaki ang lilinisan niya kapag sa komedor pa niya dinala ang pagkain which was just fine with her.

Wala siyang balak magpaalila rito nang matagal. The sooner she got hold of those documents, the sooner she would be out of his sight.

Sumandok kaagad ito ng kanin, halatang gutom na. "Nas'an na ba ang ulam? Ba't di mo pa ihain dito at nang makakain na tayo?"

"Uh." Ininguso niya ang ulam na iniinit sa stove.

Tumango ito. "Ano ba'ng niluto ni Aling Matilda?"

Saglit siyang nag-isip. Linsyak na buhay 'to! Ang hirap palang mag-artista. No wonder pinili ni Maristela ang maging bold star kaysa sa pagiging dramatic actress. Mas madali lang yata ang umungol kaysa umarte!

"Uhm…" Tumikhim muna siya bago niya dinala ang dalawang kamay sa makabilang kili-kili at inipit at pagkatapos ay kunwaring lumipad.

"Manok?" nakangising tanong nito.

The way she was behaving in front of him, she was sure that he found her amusing. Gusto niyang maiyak pero alam niyang kailangang pangatawanan na niya ang pagiging 'pipi,', nasimulan na niya kasi.

"Ano'ng ginawa ni Aling Matilda sa manok? Inadobo?"

Umiling siya before taking a deep breath. Dinala niya ang isang kamay sa tapat ng bibig at kunwari ay humigop mula roon.

"Wow, sarap niyan, ah! Tinola, my favorite!" Kinalansing nito ang hawak na kutsara at tinidor.

Ngumiti siya. Sa wakas, mainit na ang ulam. Hindi na siya kukulitin ng amo niya. Ipinaghain niya ito ng ulam. Kumuha rin siya ng plato, kubyertos at baso para sa kanya at nakisabay nang kumain sa binata.

Halatang gutom na gutom si Angelo dahil hindi na siya nito kinausap habang kumakain. Panay ang subo nito. Kanina pa nagmumukhang tanga ang dalaga sa harapan nito. Dapat lang na bigyan din siya nito ng break.

Matapos kumain ay tinungo ng lalaki ang

kuwarto. Magpapahinga lang daw ito nang ilang minuto at pagkatapos ay muli itong babalik sa bukid. Iniligpit ni Georgina ang pinagkainan. Kailangan niyang tumawag kay Doña Barbara. Alam niyang kanina pa ito naghihintay.

---

Ilang saglit lang ay narinig na niya ang boses nito sa kanilang linya.

"Ba't ngayon ka lang tumawag? Kanina pa ako naghihintay!"

"Pasensya na ho. Ngayon lang dumating sa bahay si Angelo kaya ngayon din lang ako tumawag sa inyo," pabulong niyang sagot sa takot na baka biglang lumabas ang binata at mahuli siyang nagsasalita.

Usapan kasi nila ng amo niya na tumawag kaagad siya sa oras na matiyak niyang makakakonekta siya rito.

"Ano, nakilala ka ba niya?" excited na tanong nito.

"Hindi ho," mahinang sagot niya. "Napagkamalan niya akong nag-a-apply na katulong. Akala pa nga niya, pipi ako."

"Ganoon ba? Aba'y dapat todo ingat ka diyan at baka mabuko ka ng batang iyan. Ayokong madiskaril ang plano ko, naiintindihan mo ba?"

"Nag-iingat naman ho ako, eh. Kaso ang hirap palang umarteng pipi. Hindi ko alam kung hanggang kailan ako magkukunwaring hindi nakakapagsalita."

"Pagtiisan mo na muna," payo nito. "Isipin mo ang kalahating milyong piso na ibibigay ko sa iyo."

"Oho." Napalunok si Georgina. Five hundred thousand. Hindi na siya maghihirap pa. Saka na niya iisipin ang kanyang konsyensya.

"Alam mo na ba kung saan niya itinatago ang mga papeles na pinahahanap ko sa iyo?"

"Naku naman, Doña Barbara, kararating ko lang ho. Hindi ko pa nga alam kung nasaan ang banyo ng bahay na ito," pagsisinungaling niya. Sa tatlong oras na paglilibot niya sa kabahayan ay nabilang na niya kung ilan ang silid bukod sa kuwartong tutulugan niya.

Tatlo sa itaas kabilang na roon ang kuwarto ni Angelo. Malaki ang silid ng binata, kasya ang apat na single bed. Kompleto ito sa gamit—may TV at DVD player, may maliit na refrigerator at air-con. May sarili rin itong balcony at banyo. Halatang matagal

itong maligo dahil may bathtub na inilagay sa sulok ng banyo bukod sa shower.

Iyong dalawang kuwartong napuntahan niya ay bakante pero maayos ang mga iyon at malinis. Sa ayos ng mga iyon, alam niyang ginawa itong guest rooms ng binata.

May dalawa pang kuwarto sa ibaba sa bandang kanan pagkapasok ng bahay. Ang isa ay library. Puno ito ng mga aklat na maayos na nakalagay sa mga shelves. May TV rin doon at rocking chair na upholstered. Mayroon ding sofa na parang inihanda talaga kung gustong mahiga ng taong nagbabasa.

Ang isang kuwarto naman ay opisina. Isang tingin pa lang ay alam niyang opisina iyon dahil may mesa at upuang magkaharap sa tapat noon. May computer din sa tabi nito at may telepono sa ibabaw ng mesa.

Mayroong mini-sala set na nakapuwesto sa tabi. Maaliwalas ang opisina dahil sa laki ng mga bintana.

Pero siyempre, hindi na muna niya sasabihin ang mga iyon kay Doña Barbara dahil tiyak na hindi siya nito titigilan. Kailangan muna niyang pag-aralan ang safe ng steel cabinet na nasa opisina ni Angelo bago niya makuha ang mga dokumento.

"Aba'y bilisan mo. Isang linggo lang ang ibinigay kong palugit sa iyo. Tandaan mo, kapag bumalik ka ritong walang dala, babayaran mo ng may interes ang ibinigay kong beinte cinco mil, naintindihan mo?" High blood na sa kanya ang doña at natutulig na siya sa lakas ng boses nito.

"O-oho. Hayaan ninyo at bibilisan ko ang kilos ko."

"Buti naman at nagkakaintindihan tayo," anito na medyo kumalma na.

"Hindi ko naman nakakalimutan ang mga bilin ninyo, Doña Barbara. Gusto ko lang hong mag-ingat. Alam ninyong hindi ko pa kabisado ang lugar na ito."

"Naiintindihan ko iyon kaya nga pinag-iingat kita. Pero hindi ibig sabihin na babagal-bagal ka." Muling tumaas ang boses nito.

"Isang linggo ho, Doña Barbara," pangako niya para matapos na ang pag-uusap nilang dalawa.

"Sinabi mo iyan, ha? Bueno, kumusta naman ang Sorsogon? Sibilisado na ba?" pag-iiba nito ng usapan.

"Aba'y oho. Mayroong kuryente rito, maraming

building, at mababait ang mga tao. Kakakain ko lang ho pero mukhang wala namang lason ang pagkain dahil hanggang ngayon ay buhay pa ako."

"Ganoon ba? O siya, mag-iingat ka riyan at gawin mo na kaagad ang pinapagawa ko sa iyo. Kailangan yata ay paulit-ulit akong magpaalala sa iyo. Minsan kasi may pagkatanga ka," dagdag pa nito.

"Salamat ho," sarkastikong sagot ng dalaga. Ganito yata talaga ang lambingan nilang mag-amo kahit noon pa man. At sanay na siyang lait-laitin nito.

Nagtagal pa ng ilang minuto ang pag-uusap nila bago ito tinapos ng doña.

"Georgina." Nagulantang pa siya sa boses sa likuran niya.

"Uh?" Sapo ang kaliwang dibdib, hinarap niya si Angelo. Hindi niya namalayang gising na pala ito. Kanina pa ba ito nakatayo at nakikinig sa usapan nila ng madrasta nito? Seryoso kasi ang mukha nito.

"O, ba't para kang nakakita ng multo?" Bigla itong ngumisi.

"Uh," tanging nasabi niya. Nakahinga siya nang maluwag. Nakangiti ito kaya ibig sabihin ay

wala itong narinig. Safe pa rin siya. Pero dahil sa kabiglaan, feeling ni Georgina ay nalulon na talaga niya ang kanyang dila.

# 4

Tinanghali si Georgina ng gising dahil namahay siya. Madaling-araw na siya nakatulog dahil hindi siya mapalagay nang nag-iisa sa loob ng malaking bahay.

Madaling-araw na rin kasi umuwi si Angelo mula nang umalis ulit ito noong nakaraang araw. Hindi niya alam kung saan ito nagpunta at nahiya naman siyang magtanong.

Isa pang rason kung bakit siya tinanghali ng gising ay dahil sinamantala niya ang pagkakataong wala ito. Para makasiguro ay pinasok niya ang kuwarto nito at naghalughog doon pero sa malas ay wala siyang makitang mga dokumento.

Sunod niyang pinuntahan ay ang opisina nito. Pero talaga yatang inaalat siya dahil natuklasan niyang bukod sa nakasusi ang drawer ng mesa nito, naka-lock din ang nag-iisang steel cabinet nito.

Hindi niya alam kung paano iyon mabubuksan. She knew she had to bid some time kung paano makukuha ang mga papeles na inutos sa kanya ng doña. Pasasaan ba at maiiwang bukas ni Angelo ang

mga drawers at cabinet nito.

Pero nahiya siya nang paggising niya kinabukasan ay luto na ang almusal. Si Angelo mismo ang nagluto niyon. Nakahanda na ang mesa nang tunguhin niya ang kusina.

"Good morning," bati nito nang makita siya.

"A-ah," tanging nasabi niya.

Kamuntik na niyang makalimutan na pipi pala siya kung hindi niya ito nakitang sumenyas. Itinuro nito ang araw sa labas ng bahay.

"Kumain na tayo at may pupuntahan pa ako." Umiling siya. "Ayaw mong kumain?" Tila nalito ito sa ginawa niya.

*Ikaw muna, mamaya na ako*, senyas niya rito.

"Oh, no. Hindi naman ako prinsipe para tratuhin mo nang ganyan. Halika na, sumabay ka na sa akin para hindi ako nalulungkot kumain nang nag-iisa."

Hindi pa rin siya natinag sa kinatatayuan.

"Bah, gusto mo pa yatang subuan kita," sabi nitong namaywang.

"A-ah... a-ah." Kakaunti na nga lang ang nasabi niya pero nagkakandautal pa siya! Mabilis siyang

naupo sa harapan ng mesa at inayos ang mga pagkain doon.

Nilagyan niya ng tinapay at itlog ang pinggan ni Angelo. Ipinagsalin din niya ito ng hot chocolate sa tasa. Nang masiguro niyang naihanda na niya ang kakainin ng binata ay saka siya naglagay ng mga iyon sa sariling pinggan.

“Thanks,” ngingiti-ngiting sabi nito.

Matipid na ngiti ang ibinigay niya rito bilang ganti. Pero kamuntik na siyang masamid habang iniinom ang hot chocolate nang magsalita ito.

“Alam mo, may naalala akong taong may pangalan na Georgina.”

“Whew! Whew!” Kandaluha siya sa pagkapaso ng lalamunan pero hindi siya makaangal. Pakiramdam niya ay nabalatan ang lalamunan niya ng mainit na tsokolate.

Sa matinding takot niya kay Aling Matilda nang magkaharap sila pagdating niya sa malaking bahay ay tunay na pangalan ang naisulat niya imbis na ibang pangalan. Mukhang hindi pa man ay buking na kaagad siya ni Angelo.

Inihanda ni Georgina ang sarili. Kung

kinakailangan niyang magmaang-maangan at tumanggi sa lahat ng akusasyon nito ay gagawin niya, huwag lang niyang maipagkanulo si Doña Barbara.

Hindi rin naman siya nito mapipilit magtapat ng katotohanan, in the first place. Di ba, pipi siya? There was no way he could force her to talk.

Lihim siyang napangiti. Her secret would be safe as long as she kept her mouth shut. Wala pa siyang ginagawang masama na puwede nitong maging basehan para isuplong at ipakulong siya sa mga pulis maliban sa pagkukunwaring pipi.

"How old are you na nga pala?" tanong ng binata. Parang hindi nito napansin ang pagiging uncomfortable niya. "Oh, shucks! I kept forgetting, hindi ka nga pala nakakapagsalita. Nahihirapan ka tuloy sa akin."

Itinaas niya ang dalawang kamay para sumagot.

"Sampu? Niloloko mo ba ako?" Nakatingin ito sa mga kamay niya na nakataas at kumukumpas.

Todo iling ang ginawa niya habang mabilis na nagpa-plus-plus sa mga daliri.

*Buwisit na buhay ito!* usal niya sa sariling lihim

na naiiyak.

Bakit hindi na lang kasi naging beinte-tres ang mga daliri niya! Ang hirap pala mag-Mathematics sa mga daliri!

"Ah, twenty-three," sabi nito. "She must be your age. She was ten when I last saw her."

"Who?" tanong niya.

"Si Georgina, ang ikinukuwento ko sa iyo."

"Ah." Tumango siya. Itinuro niya ang sentido niyang masakit na.

"Of course, how could I forget her when I had a crush on her many years ago?" Iba ang pakahulugan nito sa senyas niya.

"Ha?" Nagkorteng-puso bigla ang mga mata niya! Hindi rin siya makahuma sa narinig. May crush sa kanya si Angelo noon? Bakit hindi niya alam? Wala naman itong sinasabi sa kanya noon, ah!

"I'll let you in on a little secret." Sinenyasan siya ni Angelo na lumapit nang kaunti rito.

Umisod naman siya kahit na hindi niya maintindihan kung bakit kailangan pa itong bumulong sa kanya samantalang silang dalawa lang

naman ang taong naroroon.

Tuloy ay naamoy niya ito. Bagong paligo si Angelo kaya amoy-sabon at shampoo ito. Pati hininga, naamoy rin niya—amoy mouthwash. Tumayo nang kaunti ang balahibo niya sa batok.

Sana hindi lang siya nito bubulungan, sana bigyan din siya ng good morning kiss! Aba, hindi niya palalampasin iyon kapag hinalikan siya nito!

"Alam mo kasi, palaging mabango ang Georgina na iyon, hindi kagaya ng stepsister kong si Maristela na amoy-panis palagi," nakangising bulong nito sa tainga niya. Parang balahibo ng manok na kumiliti sa tainga niya ang hininga nito.

Ano kaya kung kunwari ay aksidente siyang napalingon sa mukha nito? Sisiguruhin niyang tatama ang nguso niya sa mga labi nito para swak na swak!

"Ayeee." Namula siya sa naisip.

"Yeah, right. And I don't know why I loved her smell," naiiling na saad nito, sabay higop ng chocolate.

Parang sa iniinom na lang nito idinaan ang panggigigil sa kanya—este, sa batang si Georgina.

Kaya pala palaging tumutulo ang sipon nito noon dahil sa kasisinghot sa kanya! Batukan kaya niya ito, sabay bigay ng kiss-pirin? Hindi ba nito alam na kinilig siya sa sinabi nito?

Susme! At mukhang may crush na yata siya rito, ah! Oh, no! Madidiskaril pa yata ang plano nila ni Doña Barbara.

"Pero alam mo, hindi ko alam na may pamangkin pala si Aling Lucia na pipi. I hope you don't mind my asking, inborn ba iyan?" Biglang iniba nito ang pinag-uusapan nila.

Biglang lumagapak ang ulap na dumuduyan sa kanya kani-kanina lang. Ganito ba ito makipag-usap?

Binigyan niya ito ng alanganing tango. Maniwala kaya ito kung sabihin niyang nasunog ang dila niya nang sumali siya sa perya noon at siya ang taga-buga ng apoy?

Napailing ito na mukhang naaawa sa kanya. "I can tell, you don't even know how to properly use sign language. Nag-aral ka ba noon?"

Umiling siya. Pinalungkot ni Georgina ang mukha. No use pretending, all of a sudden ay nalungkot naman talaga siya. Masarap palang

kausap si Angelo.

Bakit naging 'pipi' pa siya? Sana umastang pilay na lang siya, tiyak palagi siya nitong karga-karga.

*Shut up!* sermon niya sa sarili.

Ano ba ang pinag-iisip niya? Dapat nga siguro ay bilisan na niya ang pagkilos nang makaalis kaagad siya sa pamamahay na ito at nang hindi siya mapahamak.

"Don't worry. I'll hire a private tutor for you."

"Ah! Ah!" Halos mag-criss-cross na ang mga braso niya sa kasesenyas bilang pagtanggi na magtatagal siya sa pamamahay nito.

"Matagal pa bago makabalik dito si Aling Matilda. May sakit ang pamangkin niyang nasa Maynila at kailangan niyang asikasuhin iyon hanggang gumaling. You have to stay for a little while and feed me." Pati yata mga mata nito ay nakikiusap sa kanya.

Napabuntong-hininga si Georgina. Mukhang mahihirapan yata siyang tanggihan ito.

"Buti na lang at hindi ka bingi," dagdag pa nito.

"Ah, ah." Itinaktak niya ang kaliwang tainga sa

ibabaw ng mesa.

Napahalakhak ito sa ginawa niya. "You're funny."

Napangiti na rin siya. Dalawang araw pa lang pero magkasundung-magkasundo na sila ni Angelo, bagay na taliwas sa inaasahan niya.

Siyempre iba ang impression niya rito dahil na rin sa mga kuwento ng nanay niya at ni Doña Barbara. Wala palang dahilan para mangilag siya rito.

"Ah, ah." Naalala niya ang papel at ballpen na ibinigay ni Aling Matilda sa kanya. Sinadya niyang ibulsa iyon para it would come in handy sakaling hindi sila magkaintindihan ng binata.

Pero nawili siyang 'makipag-usap' kay Angelo kaya nakalimutan niyang idaan sa pamamagitan ng sulat ang lahat ng 'sasabihin' niya.

Dinukot niya ang ballpen at papel mula sa bulsa ng suot. Isinulat niya ang kanyang pangalan roon at sumenyas.

Naghugis siya ng korteng puso sa bandang kaliwa ng dibdib niya at pagkatapos ay itinuro niya si Angelo. Malay ba niya, hanggang ngayon ay may crush pa ito sa kanya. No problemo.

Hindi niya ito pahihirapan. 'OO' in capital letters kaagad ang ibibigay niya rito!

"That happened a long time ago and I have already outgrown my big crush on her."

"Oh." Nalungkot siya sa sinagot nito. Akala pa naman niya ay hindi pa rin siya nakalimutan nito hanggang ngayon.

Bakit kasi hindi niya naisip na nagno-nostalgia tripping nga lang pala ito. Tama si Angelo, matagal nang nangyari iyon. Baka hindi niya alam, malapit na pala itong magpakasal sa ibang babae.

"Pero ewan ko ba," narinig niyang sabi nito, "parang hindi pa rin siya totally naalis sa isipan ko."

"Oh, oh…" Lalong nanaghoy ang puso niya.

Gustong manghinayang ni Georgina sa magandang pagkakataon sana na dumating sa buhay niya kung hindi lang siya nagbalatkayo sa harapan nito. She knew something beautiful could happen between them kung alam lang nito kung sino siya. But she could not undo what had happened now. Baka hindi siya nito maunawaan or worse, ma-turn off ito sa kanya kung magtapat siya.

"Would you like to come with me?" untag ni Angelo.

"Eh?"

"Wala na kasing stock ang ref ng pagkain. Hindi na nakapamili si Aling Matilda gawa ng nagmamadaling makaluwas ng Maynila. Kailangan mong mamalengke."

*Ano!* sigaw ng utak niya. Saang lupalop niya hahanapin ang palengke? Pero kaagad din siyang nakalma. May talipapa siyang nadaanan sa sentro mismo ng Bacon noong papunta siya sa malaking bahay.

"Pumunta ka ng *Robertson's* at mag-grocery ka." Dumukot ito ng pera sa wallet at ibinigay sa kanya.

*Robertson's,* ulit niya sa sarili. Alam niya kung nasaan iyon. Doon tumapat ang bus na sinakyan niya nang nagdaang araw. At doon din siya bumaba. Nasa bayan iyon mismo ng Sorsogon.

Ngumiti siya. No big deal.

"Sumabay ka na sa akin. Pupunta rin naman ako sa bayan," anito. "Ibababa na lang kita roon."

"Mang Enteng, ito nga pala si Georgina, ang pansamantalang pumalit kay Aling Matilda. Pamangkin siya ni Aling Lucia. George, si Mang Enteng. Siya ang magmamaneho para sa atin," pakilala ni Angelo sa isang matanda at payat na lalaki.

"Magandang umaga," nakangiting bati nito sa dalaga. Nginitian lang niya ito bilang ganti.

"Hindi nga pala siya nakakapagsalita," pagbibigay-alam ng binata sa matanda.

"Ganoon ba? Kawawa naman." Napapalatak si Mang Enteng sa 'kinasapitan' ng buhay niya. "Ang ganda pa naman at ang puti. Sana huwag nang bumalik si Matilda nang gumanda ang kapaligiran natin. At mabuti iyong kahit papaano ay matahimik itong bahay sa talak niya."

Namula si Georgina sa sinabi nito. Hindi niya malaman kung matutuwa sa papuri nito o hindi.

"Pipi ho siya pero nakakarinig, Mang Enteng," sita ni Angelo sa driver.

Ang matanda naman ang namula. "Ah, eh… pasensya na, Miss. Tara na kayo." Nagmadali nitong binuksan ang pick-up na nakaparada sa tapat ng bahay.

Napagitnaan siya ng dalawang lalaki sa harap ng pick-up. Amoy na amoy niya ang pomadang gamit ni Mang Enteng sa buhok. Naalala niya ang tatay niya. Tancho rin ang gamit nito noon.

*Mayroon pa kayang pomadang ganoon?* tanong niya sa sarili. Bigla niyang na-miss ang tatay niya kaya pasimple siyang lumayo nang kaunti sa matanda. Ayaw niyang malungkot at baka bigla ay ma-homesick siya.

Umisod siya nang kaunti sa tabi ni Angelo. Hindi nito napansin ang ginawa niya dahil busy mag-text.

*Sino kaya'ng ka-text nito?* usal niya sa sarili. Hindi kaya may katatagpuin itong babae sa bayan? Parang gusto niyang manibugho. Pero wala naman siyang magagawa sa bagay na iyon kaya minabuti na lang niyang manahimik.

Nagkasya na lang siya sa kaaamoy sa binata. Mas masarap kasing amuy-amuyin ito kaysa kay Mang Enteng.

Angelo smelled heavenly. His scent was spicy, masculine and very sexy. Humugot siya ng malalim na hininga para masinghot niyang lalo ang amoy nito.

Siguro nga, may ka-date ito kaya nagpabango.

Bahagya siyang nalungkot sa naisip. Isa lang ang ibig sabihin niyon, wala na itong gusto sa kanya o sa batang si Georgina.

# 5

May nadaanan silang mga hilera ng beach resort palabas ng Bacon. Hindi ito napansin ni Georgina noong bagong dating siya sa probinsya dahil naka-concentrate ang utak niya sa kung paano matatagpuan ang lugar ni Angelo.

Kaya naman ngayong napadaan sila ay hindi niya maialis ang mga mata sa pagkatitig sa dagat. Pakiramdam niya ay napakasarap lumangoy roon.

"Ngayon ka lang ba nakakita ng dagat?" tanong ni Angelo nang mapansing nakatutok ang mga mata niya sa nadadaanan nila.

"Uh." Umiling siya. Lumaki siya sa Pasay at madalas din niyang mapuntahan ang Baywalk.

Pero hindi ito kasing-ganda ng nakikita niya ngayon. Walang buhangin ang Baywalk at hindi malinis ang dagat kagaya ng nakikita niya.

"Hayaan mo. Kapag tapos na ang anihan ay magpi-picnic tayo," pangako ng binata. "Sabay na rin ng despedida party bago ako umalis papuntang States."

"Sama rin kaming lahat," singit ni Mang Enteng na napangisi.

"Oo ba. Si Aling Lucia ang kausapin nating magluto para masarap," sagot ni Angelo.

Namumutlang binalingan ito ng dalaga. Sa kanya rin pala ito nakatingin. Todo ang ngisi nito.

"Ikaw na ang bahalang kumausap sa tiyahin mo at baka masira na naman ang araw ni Aling Matilda kapag siya ang inutusan ko."

"Ba't ba mortal na magkaaway ang mga iyan?" tanong ni Mang Enteng bago siya makahuma.

"Dito ka magtanong kay Georgina at siguradong alam niya."

Lalo yata siyang namutla.

Malay ba niya kung sino si Aling Lucia? If she could have her way, ayaw niyang makasalubong man lang ang babaeng iyon. Patay siya kapag nagkataon.

"Oo nga pala. Hindi ko alam na may pamangking pipi ang Lucia na iyan," tila naalalang sabihin ng matandang driver, "mapuntahan nga nang makahuntahan."

Sa sinabi nito ay parang gusto niyang panawan

ng ulirat. Ano ang gagawin niya oras na makausap ni Mang Enteng ang babae? Tiyak na ang kapahamakan niya!

Tatlong araw nang namamalagi si Georgina sa bahay ni Angelo, pero hindi pa rin niya mabuksan ang steel cabinet nito kahit na ano ang gawin niya.

Tinawagan niya si Doña Barbara sa cellphone at ipinaalam iyon. Nais niya sanang kumbinsihin ito na kausapin na lang nang maayos si Angelo tungkol sa lupa at bahay pero kasing-kapal ng *Webster's Dictionary* ang sermong ibinigay nito sa kanya.

Pero ngayon, mukhang mapapahamak siya nang wala sa oras. Kailangang makagawa siya ng paraan para makuha ang mga papeles at nang makaalis na siya!

Hindi niya kailangang magpatumpik-tumpik pa. Kailangang bilisan niya ang mga kilos kung ayaw niyang may masamang mangyari sa kanya.

Siguradong mabibisto siya ni Angelo. Hindi pa man, mukhang ipahahanda na niya mismo kay Doña Barbara ang silya elektrikang uupuan niya pagbalik sa mansion nito.

"Pasensya ka na rito kay Mang Enteng at tsismoso talaga ito kahit lalaki." Si Angelo ulit. Sa

kanya nakatutok ang mga mata nito at nakangisi. Pati yata mga mata nito ay tuwang-tuwa rin habang nakatitig sa kanya.

Ngumiti siya nang alanganin bilang kasagutan. Dinig na dinig niya ang pagrarambulan ng kanyang mga bituka sa matinding nerbyos. Pinagpawisan na rin ang dulo ng ilong niya.

“Hirap ding maging pipi, ’no?” ani Mang Enteng. “Maraming gustong sabihin pero hindi magawang magsalita.” Muli itong napapalatak habang nagmamaneho.

Hindi na sumagot si Angelo kaya namagitan ang katahimikan sa loob ng sasakyan. Parang nahulog sa pag-iisip ang dalawang lalaking kasama niya while she was left feeling miserable.

Ano ang gagawin niya? Paano kapag nabuking siya ni Angelo? Ano ang gagawin nito sa kanya? For sure, he would be mad at her at siguradong gaganti ito sa kanya.

Wala siyang kakilala sa lugar nito. Wala man lang sasaklolo sa kanya sakaling gumawa ng karahasan ang binata. At hindi rin niya ito masisisi kung sakali.

There was no way she would confess and come clean with him. Hindi iyon ikatutuwa ni Doña

Barbara. Siguradong tototohanin nito ang banta sa kanya sakaling hindi niya matupad ang utos nito.

Wala siyang pera maliban sa maliit na pabaon sa kanya ng kanyang amo. Ibinigay nga sa kanya ang pera at naihulog sa bangko. Nagkaroon siya ng sariling ATM card pero si Doña Barbara mismo ang nakakaalam kung paano niya magagamit iyon.

Hindi nito ibinigay sa kanya ang personal identification number niyon. Gusto kasi nitong makasiguro. Pero nangako itong ibibigay ang pera sa kanya oras na makuha niya ang mga dokumento.

---

"Samahan mo na lang si Georgina na mag-grocery, Mang Enteng, para hindi mahirapan ang kausap," bilin ni Angelo nang marating nila ang bayan ng Sorsogon. "Mamalengke na rin kayong dalawa."

"Walang problema. Saan ka ba namin dadaanan mamaya?" tanong ng matanda.

"Huwag na. May pupuntahan pa ako," tanggi nito, sabay hugot sa cellphone na tumunog. Binasa nito ang dumating na message at nahuli ng mga mata niya na nag-text back ito.

"Mukhang ang aga naman yata ng date mo, Angelo," nakangiting puna ni Mang Enteng.

Napangisi rin ang binata. "Magpapasama lang daw si Fiona sa hospital."

Sabay pa yata sila ng matanda na napamulagat kahit na hindi kilala ng dalaga kung sinuman ang Fiona na iyon. Parang gusto niyang kabahan.

*Kaanu-ano nito ang Fiona na iyon? Baka buntis na? Oh, no! Si Angelo ba ang nakabuntis sa babaeng iyon?*

"Ano'ng nangyari sa kanya?" naulinigan niyang usisa ni Mang Enteng. Nanatiling nakamulagat ito.

Nagkibit-balikat si Angelo. "Ewan ko. Nahihilo daw siya kaya nagpapasama sa akin para magpa-checkup," tugon nito.

*Sh*t! Buntis nga!* Nakuyom ni Georgina ang mga kamay nang walang kadahilanan.

"Baka buntis?" Nagmistulang echo niya si Mang Enteng.

Napalingon si Angelo rito. Parang nagulat pa ito sa narinig. "Hindi naman siguro."

Nakita niyang napailing ang matanda. "Iyan na

kasi ang sinasabi ko."

Kibit-balikat lang ang sagot ng binata rito. "Walang problema. Hindi naman siguro kataka-taka. May-asawa siyang tao, di ba?"

Sa tinuran ng binata ay biglang nakahinga nang maluwag si Georgina. Isa lang ang ibig sabihin niyon, hindi nobya ni Angelo si Fiona.

"Ewan ko." Parang nanlulumo si Mang Enteng na hindi niya mawari.

Naiintriga siya sa pinag-uusapan ng dalawang lalaki pero hindi siya makasingit. Alangang magtanong siya sa mga kasama kung sino ang Fiona na pinag-uusapan ng mga ito.

Nakakahiya kung masabihan siyang tsismosa ng mga ito. On the other hand, bakit kailangang samahan ni Angelo ang Fiona na iyon para magpa-checkup sa hospital kung naturingang may-asawa itong tao? Ano ang ginagawa ng asawa nito at hindi masamahan ang babaeng iyon?

Parang gusto niyang magngitngit. Obvious na malandi ang Fiona na iyon! At halata ring may gusto ito kay Angelo.

“Maraming buyer si Angelo. Meron dito, pero mas marami sa Legazpi at Naga. Kahit nga sa Divisoria ay nagsu-supply pa siya ng mga pili. Pero hindi lang ito ang negosyo niya. Marami pa. May mga apartments siya sa Maynila at sa America. Pero mas gusto niyang manatili rito sa probinsya dahil tahimik raw ang buhay,” mahabang kuwento ni Mang Enteng sa dalagang ‘pipi.’

Nauna nang bumaba ng sasakyan ang binatang pinag-uusapan nila. Nagpunta ito sa munisipyo ng Sorsogon. May aayusin daw itong mga papeles doon bago ito makipagkita kay Fiona.

Tumango si Georgina. Hindi niya masyadong napansin ang kuwento nito dahil abala ang isip niya sa ibang bagay. At ang bagay na iyon ay walang iba kundi ang babaeng pinaghihinalaan nilang buntis na makakasama ni Angelo.

Gusto pa sana niyang magtanong pero nahiya siya kaya tumahimik na lang.

Pero natural na yata ang pagiging tsismoso ng matanda dahil ngumisi ito. “Nahiya ka pa. Sige na, itanong mo na at sasagutin ko naman.”

“Eh…” Siguro nakasulat sa buong mukha niya ang katanungang iyon at malinaw na nababasa nito.

"Binata pa si Angelo. At wala ring girlfriend ngayon. Kaso ang kulit ng Fiona na iyon," alok nitong parang naiinis.

*Malandi ang babaeng iyon at hindi makulit!* gusto niyang isagot dito.

"Kababata ni Angelo si Fiona. Kagaya niya, galing sa mayamang pamilya ang babaeng 'yon at malapit ang mga pamilya nila sa isa't isa. Buong akala nga namin ay magkakatuluyan sila."

"Uh-huh?" tanong ni Georgina sa kung ano ang nangyari at hindi nagkatuluyan ang dalawa.

"Sa abroad kasi nag-aral si Fiona ng kolehiyo. Pero nagulat kami nang pagbalik niya rito sa amin ay may-asawa na."

"Ah." *Malandi talaga!*

"Banyaga ang napangasawa niya. Matanda na pero napakayaman. Dinig namin ay mas mayaman pa kay Angelo."

"Aha!" So, hindi lang pala malandi ang bruhang si Fiona, gold digger pa! Pero bakit pinagtitiyagaan pa ito ni Angelo sa kabila ng ginawa nito sa binata?

"Kaso, hindi yata makontento ang babaeng iyon sa napangasawa at muling kinakalantari si Angelo.

Kami na nga ang naiinis para sa batang iyon. Ewan ko ba at hindi matanggihan ni Angelo ang babaeng iyon."

*Malandi nga kasi*, usal niya sa sarili.

"Kungsabagay, hindi ko rin masisisi si Fiona. Kahit naman siguro ako ay ganoon din ang gagawin ko." Napangisi si Mang Enteng sa sinabi.

"Ah?" *Bakit?* tanong niyang nakataas ang mga kilay.

"Ubod nga ng yaman ang napangasawa niya pero wala nang binatbat. Aba'y parang lolo na yata niya ang napangasawa niya, ah! Sigurado akong gumagamit na ng Viagra ang banyagang iyon," sabi nitong humahalakhak.

Namula ang dalaga kahit na hindi siya dinirekta ni Mang Enteng. Alam niya ang ibig sabihin nito. Ano kaya kung sungalngalin niya ang nguso nito para matigil na ito sa kadadakdak?

"… hirap ding tumanggi lalo na at palay na ang lumalapit."

"Huh?" Nagulat pa si Georgina. Hindi niya akalaing magsasalita pa ang matanda.

"'Ika ko," anito na nilingon siya habang

nagmamaneho ng sasakyan, "hindi na ako magtataka kung si Angelo ang ama ng ipinagbubuntis ni Fiona."

"Huh?" Hindi na yata maibalik ni Georgina sa normal na laki ang mga mata sa sunud-sunod na pagkagulat.

"Ang babae na mismo ang lapit nang lapit sa batang iyon. Eh, siyempre, gentolman si Angelo. Hindi siya maaaring tumanggi lalo na at palay na ang lumalapit sa manok."

"Nge!" Napangiwi siya. Ang lagay na iyon, gentleman pa palang naturingan si Angelo?

"Kaso, problema ring malaki kapag nagkataon." Kumunot ang noo ni Mang Enteng, halatang nag-aalala para sa kalagayan ng amo.

"Uh-huh!" Sunud-sunod na tango niya. *Talaga!*

"Natural, hindi papayag ang asawa ni Fiona na maiputan sa ulo. Tiyak, malaking gulo ito kapag nagkataon! Malalagay sa malaking kahihiyan ang dalawang pamilya."

*Mismo*, tango ulit niya.

"Kung bakit kasi ngayon ka lang napunta rito." Umiling ito matapos sabihin iyon na para bang nanghihinayang.

"Huh?" Muli siyang napamulagat.

Nilingon siya nito. Nakangisi ito. "Bakit? Sa ganda mong iyan, imposibleng hindi ka matipuhan ni Angelo."

Nakamulagat na dinala niya ang mga kamay sa magkabilang pisngi at wala sa sariling hinaplos ang mga iyon. Ramdam niya ang pag-iinit ng mukha sa mga palad.

"Hindi ka lang maganda. Mukhang mabait ka pa," dagdag pa nito.

Biglang tinakpan ng dalaga ng mga kamay ang buong mukha. Kung alam lang ni Mang Enteng ang tunay niyang pakay sa pamamahay ni Angelo, tiyak na babawiin nito ang sinabi kani-kanina lang.

Hindi niya napigilang makonsyensya. Ganito ba talaga kadaling magtiwala si Angelo at ang mga kababaryo nito?

Kung alam lang ng mga ito na wala silang ipinagkaiba ni Fiona. Pareho silang mapagsamantala. At iisa lang ang biktima nila, ang walang kamalay-malay na si Angelo.

Mabigat ang loob na napabuntong-hininga siya. Hindi magaan para sa kanya ang gagawin niya. Pero

may pangarap siya kagaya ng lahat. Sino ba ang ayaw yumaman?

*Ah, malapit na!* Dinedma niya ang guardian angel niyang umiiyak sa isang sulok habang nagsasayaw naman ng lambada si Taning sa harap nito.

Kaunting tiyaga na lang at yayaman na rin siya! Tumataginting na kalahating milyong piso ang mapapasakanya sa oras na matupad niya ang misyon.

"Sana tigilan na ni Fiona si Angelo," usal muli ni Mang Enteng.

"Ah." Tumango siya kaagad.

"Hindi naman sila bagay kahit noon pa."

Thumbs-up ang ibinigay ni Georgina sa sinabi nito kahit na hindi pa niya nakikita si Fiona.

"Nakita mo na ba si Fiona?"

Umiling siya. Pero pihado siyang kamukha ng mga stepsisters ni *Cinderella* ang babaeng iyon! Ang sama na ng ugali, ang pangit pa ng paghihilatsa.

Matatawa sana siya sa naisip pero natigilan siya. Sino naman kaya ang katulad niya? Ang stepmother ni *Cinderella*?

“Napakaganda talaga ng babaeng iyon.”

Mas maganda pa kaysa sa kanya ang Fiona na iyon? Gusto niyang gumapang sa ilalim ng lupa.